lalawigan ng san diego



salamat sa pagggawa
ng inyong bahagi para

pangalagaan ang ating
mga daanan ng tubig

pananim na BMP

Ang mga Pinakamagandang Kaugalian sa Pamamahala (BMP) na Pang-istruktura ng Stormwater ay inilalagay sa ilang propyedad sa buong Lalawigan upang makatulong na maiwasan ang mga pollutant tulad ng basura, pataba, pestisidyo, at sediment, na makarating sa mga storm drain at sa huli, sa ating mga lokal na sapa, ilog, at karagatan. Ang inyong propyedad ay isa sa daan-daan sa buong Lalawigan na may hindi bababa sa isang BMP.

Pinapanatiling Malinis ng mga BMP ang Ating mga Daanan ng Tubig

Ang inyong mga BMP ay dinisenyo upang mag-alis ng mga pollutant mula sa agos ng stormwater na nabuo sa inyong propyedad, sa pinakamalawak na hangganan na kaya nitong gawin. Bilang isang may-ari ng isa sa mga propyedad na ito, hinihingi ng mga regulasyon ng Lalawigan na **magsagawa ng regular na inspeksyon at mga gawaing pagmementena** upang matiyak na gumagana nang maayos ang inyong mga BMP.

Ipinapakita ng aming mga rekord na mayroon kayong hindi bababa sa isang pananim na BMP sa inyong propyedad. Kabilang sa mga pananim na BMP ang mga flow-thru planter (mga halamang tanim na nasa lalagyan na nakaangat sa lupa), buffer strip, at swale na may pananim. Upang tulungan kayong magmentena ng BMP na ito, ibinibigay ng **Programa ng Pangangalaga sa Watershed ng Lalawigan ng San Diego** ang flyer na ito ng impormasyon upang masagot ang mga tanong na maaaring mayroon kayo tungkol sa BMP at kung paano mantenahin ang mga ito.

Paano Gumagana ang Inyong Pananim na BMP

Ang mga pananim na BMP ay sumasala sa stormwater sa pamamagitan ng paggaya sa mga biyolohikal na katangian na makikita sa ecosystem. Gumagamit sila ng mga pananim (kadalasan iba't ibang mga shrub at damo) at lupa upang alisin ang mga pollutant mula sa agos ng stormwater. Karaniwan, matapos ang matinding ulan, ang mga agos na nakolekta sa BMP ay unti-unting papasok sa lupa,

mas marami pang impormasyon > > >

20DIS2016

lalawigan ng san diego

salamat sa pagggawa
ng inyong bahagi para

pangalagaan ang ating
mga daanan ng tubig

na siyang nakakabawas sa dami ng agos at mga pollutant na pinapalabas sa lokal na storm drain system. Dahil sa pananim na BMP, naiiwasan ang erosyon. Ito rin ay nakakatulong sa pag-alis ng mga pollutant sa pamamagitan ng pag-absorb sa mga pollutant na nakukuha ng lupa. Ang mga pananim na BMP ay makikita sa mga mababang lugar na may pananim, o sa mga kahon na taniman.

Hanapin at Mantenahin ang Inyong BMP

Para hanapin ang inyong BMP, maghanap ng mga taniman kung saan naiipon ang tubig matapos ang pag-ulan. Maaaring may storm drain inlet sa gitna ng lugar na ito depende sa uri ng pananim na BMP.

Kapag nakita niyo na ang inyong pananim na BMP, mahalagang mantenahin ito. Ang pagpapanatili ng pananim na BMP sa maayos na kondisyon ay tumutulong upang mapanatiling malinis ang ating mga daanan ng tubig. Nasa ibaba ang ilang mga gawain para sa pagmementena na dapat gawin:

- **Alisin ang anumang naipong kalat o debris na humaharang sa agos papunta sa mga taniman o buffer strip.**
- **Kung kinakailangan, iayos ang hugis ng lupa sa inyong mga BMP upang matiyak na maayos itong naalisan ng tubig.**
- **Tabasin ang mga matataas na halaman (hindi lalampas sa taas ng orihinal na disenyo).**
- **Alisin ang mga nadepositong sediment na higit sa 2″ ang lalim, at mga deposito na tumatakip sa mga pananim.**
- **Huwag harangan ang anumang curb cut o ituon ang daloy nang malayo sa BMP.**
- **Kung walang mga halaman, taniman ulit ang BMP.**
- **Maglagay ng sapat na rip-rap (o ibang istruktura para sa energy dissipation) kung saan pumapasok ang agos sa BMP.**

Para sa listahan ng iba pang mga gawain, tingnan ang form na patunay ng pagmementena o plano ng pagmementena mula sa developer ng inyong bahay.

Bawat taon, ang Programa ng Pangangalaga sa Watershed ay magpapadala sa inyo ng form na patunay ng pagmementena na sasagutan, pipirmahan, at ibabalik sa Lalawigan. Ang form na ito ay ginagamit upang mapatunayan na nagawa ang kinakailangang pagmementena sa inyong BMP.

Ang hindi paggawa ng kinakailangang pagmementena ng inyong BMP ay maaring magdulot ng pagpapatupad na imbestigasyon o kasunod na inspeksyon.

Para sa mga Tanong, Kontakin Kami sa:

Programa ng Pangangalaga sa Watershed
1-858-495-5323
BMP.Program@sdcounty.ca.gov
https://www.sandiegocounty.gov/stormwater

20DIS2016